**Vijae Orquia Alquisola**\padampi-
damping
pagdaan

# Pambihirang Buhay

Iginagayak mo agad sa isip ang bukas—
ang muling pag-alis bago pa ma-welcome
ng basahan sa inyong pintuan.

Tutuloy ka na parang nadukutan ng mga salita.
Di man lang namalayan kung saan, paano nagawa.
*Kumusta, oo, hindi, mamaya o bukas na lamang*
ang tanging maipasasalubong sa mga daratnan.

Pagkatapos ng hapunan, tulad ng lagi—
pahuhupain mo ang hapo sa harap ng telebisyon.
Ngumangawa na naman si Mike Enriquez.
Ililipat mo sana, pero mute ang mapipindot.

Pambihira—
aksidenteng katahimikan.

# Bagon

Ginhawa nga siguro ang anumang paglayo
sa lupa—niririlesan na rin ang ere.

Sa loob ng tren, paboritong eksena
sa pelikula ngayon ang kinukuwadro
ng bintana: tila ipininta ang mga ulap.
Minamantsahan ng kaayusan sa lupa.

Parang pelikula. Totoo, paglalakbay
ng mga estrangherong nagsusumiksik
ang paparehong pangamba sa isip:
madukutan o mahuli sa pinapasukan.

Sa huling estasyon, tila tubig na bubulwak
ang kaninang lupaypay na mga katawan.
Aagos sa pasilyo hanggang hagdan.
Ito ang puno at dulo ng padampi-damping
pagdaan—ng labas-pasok na buhay
tulad ng nabuburang beep card.

Ang puno't dulo
ng paroo't paritong ruta ng maghapon
sa paparehong estasyon ng buong taon
na nadidiskaril lamang sa hapo ng bagon.

# Balintataw

Mababalikan ang katahimikan ng dahas
upang maituro ang nagkasala—'yun
ang isa sa dalawang balik na malalandas
ng walang-kurap na CCTV sa poste.
At kung paanong pumuslit ang salarin,
saksi ang ilang tao noong sandaling iyon.
Saksi ang buong bansa sa pagpapasintabi
ng tagapagbalita, isang pagpapauna sa kaba
katulad ng bagabag sa *'wag kang mabibigla*.

Asintahin ang katahimikan: ang hinihintay
na nakauwing alaala na lamang sa bahay.

Purong tagpo sa balintataw ng tagapanood
na siguro'y iiling-iling sa saklot ng katotohanan.
Dalawa lang din ang maaaring kauwian:
Titigan ang larawan bilang biktima.
Titigan ang larawan bilang kriminal.